**SANGAY NG MGA PAARALANG LUNGSOD**
**LUNGSOD NG PASAY**

**UNANG LAGUMANG PAGSUSULIT SA IKATLONG MARKAHAN**
**MOTHER TONGUE BASED 1**
**T.P. 2021-2022**

Pangalan: ______________________________ Iskor: ____________________
Pangkat: ______________________________ Guro: ____________________

**Panuto: Basahing mabuti ang bawat aytem. Isulat sa patlang ang letra ng tamang sagot.**

Basahin ang maikling talata tungkol kay Aya. Basahin nang (2) beses ang may salungguhit na salita. Pagkatapos sagutin ang tanong. Isulat ang sagot sa patlang.



**Siya si Aya. Si Aya ay magaling umawit. Umawit siya araw-araw. Umaawit siya sa bahay. Umaawit siya sa bukid, at sa paaralan. Maganda ang boses ni Aya. Gusto ito ng lahat. Nakangiti ang mag-anak ni Aya tuwing umaawit siya.**

_____1. Ano ang talento ni Aya?
A. pag-awit B. pagluto C. pagguhit

_____2. Saan umaawit si Aya?
A. sa parke B. sa bahay C. sa simbahan

_____3. Kailan umaawit si Aya?
A. gabi-gabi B. araw-araw C. tuwing umaga

_____4. Nakangiti ang mag-anak ni Aya sa tuwing umaawit siya. Ano ang ekspresyon ng mag-anak ni Aya?
A. natuwa B. nalungkot C. natakot

_____5. Sino ang mahusay umaawit sa kwento?
A. Maya B. Ava C. Aya

Maraming tanim na gulay sa bukid si Aling Rosa. Dinidiligan niya ito araw-araw.

| Mga Gulay | Bilang ng mga Gulay |
|---|---|
| Talong |  |
| Pechay |  |
| Kalabasa |  |
| Ampalaya |  |
| Repolyo |  |

_____6. Anong gulay ang pinakamaraming tanim ni Aling Rosa?
A. Talong B. Kalabasa C. Ampalaya

_____7. Ilan ang tanim na repolyo ni Aling Rosa?
A. 4 B. 5 C. 6



LIVEWORKSHEETS

**Basahin at unawain ang maikling kwento.**

## Ang Inahing Manok

May isang Inahing Manok na nakakita ng butil na palay. Humingi siya ng tulong kina Baboy, Pusa, Kambing at Bibe sa pagtatanim, ngunit hindi siya pinaunlakan.

Lumipas ang mga araw naging ginto na ang mga butil ng palay. Muli siyang humingi ng tulong sa pag-ani at pagbayo sa palay, ngunit muli siyang tinanggihang tulungan ng mga kaibigan.

Ang mapuputing bigas na inani mula sa mga butil na palay ay isinaing ng masipag na Inahin. Nang ihain na niya ang mapuputing kanin ay isa-isang nagdatingan ang mga kaibigan na nakikiusap na makasalo sa pagkain. "Ikinalulungkot ko, mga kaibigan. Ang kaning aking itinanim, binayo, at isinaing ay sapat lang para sa pamilya namin."

_____8. Ano ang katangian ni Inahing Manok?

A. Masayahin B. Masipag C. Malaki

_____9. **Mapuputi ang bigas na inani.** Ano ang salitang naglalarawan sa pangungusap?

A. mapuputi B. bigas C. inani

_____10. Kanino humingi ng tulong si Inahing Manok sa pagtatanim ng palay?

A. kay Baboy, Pato, Kambing at Bibe
B. kay Baboy, Pusa, Kalabaw at Bibe
C. kay Baboy, Pusa, Kambing at Bibe

_____11. Bakit hindi pinagbigyan ni Inahing Manok na makisalo sa pagkain nila ang kanyang mga kaibigan?

A. dahil ilang beses siyang hindi tinulungan ng mga ito
B. dahil ilang beses siyang tinulungan nito
C. dahil ilang beses siyang niyang niyaya magtanim

**Panuto: Isulat muli ang mga pangungusap gamit ang angkop na malaking letra, espasyo at bantas.**

12. ang batang si mara ay mabait

______________________________________________________________

13. saan matatagpuan ang paaralang jose rizal

______________________________________________________________

_____14. Si Inahing Manok ay **masipag**. Ano ang kasalungat ng salitang may salungghit?

A. masigasig B. Matiyaga C. tamad

_____15. **Malawak** ang taniman ng palay ni Inahing Manok. Ano ang kasingkahulugan ng salitang may salungguhit?

A. makipot B. malaki C. makitid



LIVEWORKSHEETS

**SANGAY NG MGA PAARALANG LUNGSOD**
**LUNGSOD NG PASAY**

**IKALAWANG LAGUMANG PAGSUSULIT SA IKATLONG MARKAHAN**
**MOTHER TONGUE BASED 1**
**T.P. 2021-2022**

Pangalan: ______________________ Iskor: ______________
Pangkat: ______________________ Guro: ______________

**Panuto: Basahing mabuti ang bawat aytem. Isulat sa patlang ang letra ng tamang sagot.**

__________ 1. Tinutulungan ko si ate sa mga gawaing bahay. Anong aspekto ng pandiwa ang may salunnguhit?

A. pangkasalukuyan B. pangnagdaan C. panghinaharap

__________ 2. Si nanay ay magluluto ng masarap na merienda para bukas. Alin ang salitang kilos na tumutukoy sa aspektong panghinaharap?

A. masarap B. merienda C. magluluto

_________ 3. "Inay sobra po ng siyam na piso ang sukli na ibinigay sa akin ng ale," sabi ni Maricar. Si Maricar ay____________

A. matulungin B. mabait C. matapat

_________ 4. Ayaw kumanta ni Alex habang nasa online class kaya siya'y napayuko nang tawagin ng guro. Si Alex ay_______

A. nahihiya B. nagtatampo C. nagsisisi

_________ 5. May bagong damit si Sito. Nalaman niyang kailangan ni Fred ng isusuot sa kanilang performance task. Ipinahiram niya iyon kay Fred.

A. masipag B.matulungin C. matapat

________ 6. Sa Martes _________ ang pinsan ko mula sa probinsya.

A. dumating B.dumarating C. darating

_________ 7. Palagiang ________ ng kamay upang maiwasan ang sakit dulot ng Covid19.

A. maghugas B. maghuhugas C. naghugas

__________ 8. Habang gumagawa ng likhang sining si Ben naisipan niyang gumuhit ng tala sa loob ng bilog. Alin sa mga sumusunod ang tamang ginawa niya?

A. 

B. 

C. 



LIVEWORKSHEETS

__________ 9. Gumuhit ng tatlong parisukat at bilugan ang nasagitna.




__________ 10. Isulat ang buong pangalan ng paaralang iyong pinapasukan. Ilagay ito sa kahon.

__________ 11. Ako ay naliligo araw-araw. Alin sa pangungusap ang tumutukoy sa salitang kilos?

A. Ako B. naliligo C. araw-araw

__________ 12. Mag-aaral ako nang mabuti para sa aking mga magulang. Alin sa pangungusap ang tumutukoy sa salitang kilos?

A. Mag-aaral B. mabuti C. magulang

13-15. Isulat muli ang maikling talata gamit ang angkop na malaking letra, tamang indensyon at espasyo.

Nagbakasyon

nagbakasyon ang mag-anak. nagpunta sila sa baguio. Sumakay sila sa bus.Limang araw sila roon. masayang masaya ang mag-anak dahil sa mga magagandang lugar na kanilang napuntahan doon.



LIVEWORKSHEETS